AHA! LEARNING CENTER'S

# ESKWELANG PAMILYA

/ahalearning /ahalearns

**READING FOR GRADES 3-6**

**Aralin 25**

| **Pambungad** |
|---|
| *Magandang araw sa iyo, munting mambabasa! Handa ka na bang basahin ang ating kwento ngayong araw? Sabay-sabay nating basahin ang librong **"Maia's Birthday Party" na isinulat ni Yvette Fernandez**. Huwag mag-alala; gagabayan kita, kaibigan!* |

| **Reading for Grades 3 - 6 - Aralin 25** |
|---|
| Book Title: Maia's Birthday Party |
| Author: Yvette Fernandez |
| Source: Adarna House / Buribooks |

**I. Pagbati**
Kumusta? 🤗 Isang mapagpalang araw! 😄☀ Andito muli si Teacher ______
👩🏼🏫💜 Nakapagpahinga ka ba ng maayos kagabi? 🤔

Handa ka bang muling maglakbay? 🤔

**II. Pangako Para sa Araling Ito** 🙏🏽
Bago simulan, ating bigkasin ang promise natin ✋✋ sa isa't-isa:

(1)Subukang bigkasin nang dahan-dahan ang bawat linya. 🎙
(2)Basahin maigi at intindihin ang istorya. 📖
(3)Wag mahihiyang magtanong kay Teacher o kaya sa kahit sinong nakatatandang maaaring makatulong.👵👴👴

Wag kakalimutan ha!

**III.💬 TALASALITAAN**
Mayroon ulit tayong mababasang malalalim na salita 📖. Itanong ulit natin kina Nanay 👩🏻 o Tatay 👨🏻 ang ibig sabihin ng mga sumusunod:

**(1) Salu-salo** - kainan

**(2) Kuna** - duyan
**(3)Lampin** - tuwalyang pamunas
**(4) Humabi ng kwento** - gumawa ng kwento

Halika na! 🙋‍♀

Ngayong araw, aking ikwekwento ang istoryang “Maia’s 👧🏻 Birthday Party 🍰🎈🎁” na sinulat 📝 ni Bb. Yvette Fernandez at ginuhit ✏ ni Bb. Nicole Anne Lim mula sa Adarna House at BuriBooks. 📖

Simulan na natin! 👣👣👣

---

**IV.📚 MAIA’S BIRTHDAY PARTY NI YVETTE FERNANDEZ**
*Bigkasin natin ang kada-linya* 📣

Kaarawan ko ngayon. Isa. Dalawa. Tatlo. Apat. Lima. Lahat ng daliri sa isa kong kamay. Limang 🖐🏻 taong gulang na ako. Malaki na ako. Yeheey! May salu-salo ngayon, at darating ang mga kaibigan ko. Tsokoleyt keyk 🎂, ube ice cream ⊠🍦, at ispageting puno ng hotdog at keso 🍝. At lobo 🎈. Pula 🔴 at kahel ⊠ at dilaw ⊠ at rosas 🌸 at luntian. ⊠

May handaan kami ng mga kaibigan ko dito sa bahay-ampunan 🏠, kung saan kami nakatira dati. Ang aming unang tahanan. Nakilala ko sina Papa 👨🏻 at Mama 👩🏻 dito sa bahay-ampunan limang taon na ang nakararaan. Ang sabi ni Mama, napakainit ☀ ng araw na iyon. Kahit hindi umuulan, may dalang malaking payong ang lahat.

Ang sabi ni Papa, nagmamadali siyang umuwi noong mainit na araw na iyon ☀🏃‍♂. Mayroon siyang magandang balita. “Mama, mayroon akong magandang balita.”, ang sabi ni Papa. “Ano iyon?”, tanong ni Mama. “May anak 👶🏻 na tayo!”, sigaw ni Papa na tumatalon pa sa tuwa. “May anak na tayo!”, sigaw ni Mama at napatalon na rin siya sa tuwa. Matagal na matagal nang gustong magkaanak nina Mama at Papa.

Nagpunta kaagad sina Papa at Mama sa ampunan 🏠 upang makilala ako. Nasa ikawalong kuna ako sa ikawalong hanay ng ikawalong kuwarto ng maiingay na sanggol. Lahat kami ay nagdadaldalan at nagsasaya. Huminto sina Papa 👨🏻 at Mama 👩🏻 sa harap ng aking kuna at tumingin sa akin. “Mama, siya si Maia.”, sabi ni Papa. “Maia, si Mama.”

Sabi ni Mama, tiningnan niya ako at nanlaki at namilog ang mga mata niya, na parang limang piso! “Ay Papa, kamukhang-kamukha mo si Maia!” tuwang-tuwang sabi ni Mama, sabay yakap kay Papa. “Mayroon siyang masasayang mata at magandang ilong, tulad mo.” 👩👧

“Mama, kamukhang-kamukha mo si Maia!”, tuwang-tuwang sabi ni Papa, sabay

halik kay Mama. “Mayroon siyang perpektong mumunting daliri para sa pagtugtog ng piano ✋🏻🎹✋🏻, tulad mo. At mga labing may ngiting 👄 tulad ng sa’yo.” Noong araw na iyon, iniuwi na ako nina Mama at Papa.

Ang sabi ni Mama. hindi sila nakatulog 🤷🏻‍♀️🤷🏻‍♂️💤 nang gabing iyon at nang mga sumunod pang gabi. Napuyat silang dalawa dahil sa akin. Umiiyak 😭 ako kapag nagugutom, na madalas mangyari. Umiiyak 😭 ako kapag ako ay basa, na mabuti na lamang hindi madalas mangyari. Natuto silang bigyan ako ng gatas kapag nagugutom ako. Natuto silang palitan ang aking lampin kapag nababasa ako.

Ang sabi ni Mama, araw-araw ay mayroon silang bagong natutuhan tungkol sa akin. Nalaman nilang gusto ko ang rock music 👩🏻🎤🎼. At mga bola 🏀. At makikinang na bagay ✨. At ang kulay pula 🔴. Tinuturuan din nila ako araw-araw. Tinuruan nila akong bigkasin ang Mama 👩🏻. At Papa 👨🏻. At gatas 🍼. At taas ⬆. At baba ⬇. At aso 🐶. At ilaw 💡. At ube ice cream 🍨🍦
, ang aking paborito. Mas mahirap iyon kaysa ibang salita. Ang nasasabi ko ay “bebee bice beem.” Ngunit alam na nila kung ano’ng ibig kong sabihin.

Tinuruan ako ni Mama kung paano gumuhit gamit ang malaking krayolang pula 📃🖍. Nagdrowing ako ng mga baluktot 〰 at kulot ➿ na linya at marami pang iba. Tinuruan ako ni Mama kung paano humawak ng lapis ✏ at magsulat 📝. Natutuhan kong isulat ang aking pangalan. M-A-I-A. “Balang araw. Tuturuan kitang humabi ng mga kuwento.”, sabi ni Mama.

Tinuruan ako ni Papa kung paano umupo 🪑. Una, ilang segundo lang bago ako matumba. Pagkatapos ay ilang minuto, hanggang sa hindi ako natutumba. Tinuruan niya akong gumapang. At tumayo 🧍🏻‍♀️. At lumakad 🚶‍♀️. At tumakbo 🏃‍♀️. At tumalon 🤾‍♀️. At umakyat. Inakyat ko ang mga silya 🪑 at mesa sa aming bahay. “Balang araw, tuturuan kitang umakyat ng bundok 🏔.”, sabi ni Papa.

Tinuruan ako nina Papa at Mama kung paano kumanta 🎶. “Tulog na, mahal ko, tulog na. Lagi akong nandito para sa iyo,” ang laging awit sa akin ni Mama 👩🏻🎶🎵 kapag pinapatulog niya ako. Mula nang maliit na maliit pa ako, gabi-gabing 🌃 inaawit ni Mama ang kantang iyon. Gustong-gusto ko iyon.

At ngayon, dito sa bahay-ampunan 🏡, inaawitan niya akong muli. Hindi lamang si Mama 👩🏻, si Papa 👨🏻 rin. At ang mga kaibigan 👦🏻👦🏻👧🏻 ko mula noong beybi pa ako. “Maligayang bati 🥳. Maligayang bati 🥳. Sa mahal naming Maia 👧🏻, maligayang bati.” At hinipan ko ang mga kandila sa aking tsokoleyt keyk. 🌬🎂

Isa. Dalawa. Tatlo. Apat. Lima. Limang taon na ako 🖐🏻. Malaki na ako! “Mag-wish 🙏🏻 ka na, Maia.”, sabi ni Papa 👨🏻. “Ang wish 🙏🏻 ko po ay makapaglaro ⛹️‍♀️🧸🧩 na kami 👦🏻👦🏻👧🏻.”, sabi ko. “Matutupad!”, sabi ni Mama 👩🏻. At tumalon kaming magkakaibigan sa tuwa, tumakbo sa paligid, at masayang naglaro.

---

Yeheey! 🤩 Sa wakas. 🤗 natapos na natin ang istoryang"Maia's 👧🏻 Birthday Party. 🍰🎈🎁". Apir! 🙏

Marahil ay napagod ka sa haba ng ating paglalakbay. Mag-usap muna tayo. 👨 👩 Kaibigan, kumusta ka naman ang naging paglalakbay natin sa "Maia's 👧🏻 Birthday Party 🍰🎈🎁"? 🤔 Nasiyahan ka ba? 😃 O di kaya'y naengganyo? 🤩

Gusto mo ba uling maglakbay? 🤔👣

**V. Gawain ✏**
Dahil tapos na tayo sa ating istorya, magbalik-tanaw tayo. 🧠🤗

🔎 Sino ang nagdiriwang ng kanyang kaarawan 🥳🎂?

🔎 Saan ginanap ang handaan ng kaarawan ni Maia 👧🏻🎂?

🔎 Naibahagi ng Mama 👩🏻 ni Maia 👧🏻 kung bakit sila napupuyat 🤦🏻‍♀️🤦🏻‍♂️💤 noon gawa ni Maia? Anu-ano ang mga dahilan?

🔎 Anu-ano ang mga paborito ni Maia?

🔎 Sa huli nabanggit ni Maia ang kanyang kahilingan 🙏🏻 sa kaarawan niya? Ano ito?

**VI. Pagnilayan 🙏🏽**
Bago matapos ang ating aralin, isang activity ang aking ipagagawa sa iyo. 😉

Iguhit ✍ kung ano ang gusto mong mangyari kung bibigyan ka ng pagkakataon na maghanda para sa iyong kaarawan 🎂🥳🎈🎁. Saan ito? Ano ang iyong mga ihahandang pagkain? Sino ang mga kasama mo sa salu-salo? At ano ang gusto mong hilingin o regalo sa araw na iyon? Ilarawan ang iyong Birthday Party gamit ang apat hanggang limang pangungusap.

Ano man ang iyong malikha, huwag kakalimutang pasalamatan 🙏🏻 ang iyong mga magulang 👩🏻👨🏻, at ang Diyos 😇 dahil sa panibagong taon na pinagkaloob nila sa iyo. May handa man o wala, pasalamatan pa rin ang iyong magulang dahil sa pag-aalaga 👐🏻 at pagmamahal 💞 na araw-araw nilang nireregalo 🎁 at binibigay sa iyo.

Tandaan, walang 🤦🏻‍♀️🤦🏻‍♂️ bagay ang katumbas ng wagas na pagmamahal 💞 at aruga mula sa iyong mga magulang 👨👩👧👦 at sa Panginoon. 😇

Mga Sagot sa Gawain at Pagtatapos

**VII. Sagot sa Gawain** ✏
🔎Tama! 🤗 Si Maia 👧🏻 ang nagdiriwang ng kanyang kaarawan. 🥳🎂 Ikaw, kailan at ilang taon ka na sa iyong kaarawan? 🤔

🔎Magaling!👏 Ginanap ang handaan ng kaarawan ni Maia 👧🏻 sa bahay-ampunan. 🏠🥳🎂 Ikaw, nakaranas ka na bang ipaghanda? Kailan ito? Maaari mo bang ibahagi ang iyong karanasan? 🤔

🔎Mahusay! 🤗 Dahil umiiyak 😭 si Maia 👧🏻 kapag nagugutom, at kapag siya ay may basang lampin. Maaari mo bang itanong kay Nanay o Tatay kung ganito ka dati noong beybi ka pa lamang? 🤔

🔎Ayos!👏 Ang mga gusto ni Maia ay rock music 👩🏻🎤🎼, bola 🏀, makikinang na bagay ✨, kulay pula 🔴, at ang ube ice cream. 🍦 Ikaw ano ang mga paborito mong pagkain, kulay, laruan, at kanta? 🤔

🔎Tumpak! 🤗 Ang wish ni Maia ay makapaglaro 🏃‍♀️🧸🧩 na sila ng kanyang mga kaibigan sa bahay-ampunan. 👦🏻👦🏻👧🏻 Ikaw ano ang ninanais mong gawin o regalo sa iyong kaarawan? 🤔

**VIII. Pagtatapos**✔️
Mahusay!🤩 Natapos natin ang istorya! 👏 Isang "Good job" naman dyan!

Naka-relate ka ba sa istorya at gusto mo itong i-share sa iba? 🤔 Magmessage lamang at i-mention si Teach _______. . 👩🏽🏫

Hanggang sa susunod nating paglalakbay! 🤗 Maraming Salamat! 😍

-
This story was published by Adarna House.
This content is lovingly prepared by AHA! Learning Center.